THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

TALIBA

#554 NOV 16-30, 2025 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Mga doktor, parmasyutiko hinikayat ang Ontarians na magpaturok ng flu shot



**CANADA** - Ang Ontarians pinayuhan na magpabakuna ng flu shot.

Habang ang flu cases sa buong probinsya ay tumataas at patuloy ang pag-aatubili sa pagpapabakuna, ang mga parmasyutiko at doktor sa Ontario hinihikayat ang mga residente na magpabakuna.

Ang flu shot pa rin ang pinakamabuting paraan upang maiwasan ang pagiging infected, sinabi ni Dr. Isaac Bogoch, isang infectious diseases specialist sa Toronto General Hospital.

The message is: Get the flu shot, aniya sa Metro Morning ng CBC ngayong linggo.

The flu is a nasty, nasty virus that can really land people in hospital.

Habang ang flu season ay nagsisimula pa lang sa Ontario, ang ilang parte ng Southern Hemisphere nakita na ang pagtaas ng mga kaso — above average para sa pangalawang sunod na taon.

Ang nagpapatuloy na flu season sa ibang bansa ay minarkahan ng record case counts, gayundin ng maagang pagsisimula ng flu season sa ilang parte ng Asya at U.K. Habang ang Canada ay patungo sa taglamig, maaaring ito ay isang palatandaan ng kung ano ang darating.

Ipinakita ng datos ng Public Health Ontario na halos dalawang porsyento ng mga test para sa influenza ay bumalik na positibo mula Oktubre 26 hanggang Nobyembre 1 — ang pinakahuling surveillance period — at binigyang-diin na ito ay mas mataas kaysa sa lumipas na linggo.

Pini-predict ng provincial health agency na ang bilang ng mga kaso ay patuloy na tataas sa Nobyembre, lalo na sa mga bata.

Gayunpaman, nagpapatuloy ang pag-aatubili at kawalang-interes sa bakuna. Ang dahilan kung bakit may uncertainty ay dahil ang paksa ng mga bakuna ay naging top of mind sa napakatagal na panahon, ani Sandra Hanna, isang parmasyutiko sa Toronto at CEO ng Neighbourhood Pharmacist Association of Canada — lalo na pagkatapos ng COVID-19 na pandemya.

We want to get back to that mentality that it is part of a routine practice to keep us healthy, not only individually, but as a population.

Pinakahuling strain mutation maaaring mismatch para sa flu shot

Isang bagong influenza A strain ang nagpapalala sa pagiging atubili ng ilan na magpabakuna. Ang H3N2 ay kilala para sa mas malala na impeksyon, lalo na sa matatanda.

Ang nakakabahala? Sinabi ng ilang eksperto na ang pinakahuling mutation ay pinapalawak ang gap sa pagitan ng virus at ng available flu shot, na posibleng nagiging sanhi ng hindi pagtutugma nito.

Ngunit hindi nangangahulugan na ang efficacy ng bakuna ay zero, ibig sabihin lang ay maaaring mas mababa ito, ani Bogoch.

There are three circulating strains of influenza, aniya. You're not going to know which strain you're exposed to.

Sang-ayon dito si Hanna. Aniya ang bakuna ay mas mabuti kaysa walang bakuna.

When there is a mismatch, there is potentially slightly reduced effectiveness, but a vaccine will still provide some protection, ani Hanna.

Pharmacy students tutulong sa pagbabakuna

Simula Nobyembre, mahigit 265 na first-year Doctor of Pharmacy students sa Leslie Dan Faculty of Pharmacy ng University of Toronto ang magtutungo sa mga lokal na parmasya upang tumulong sa pagbibigay ng mga injection, sa ilalim ng supervision ng mga parmasyutiko.

Sinabi ng direktor ng programa na si Natalie Crown na parami nang parami ang Canadians na nagtutungo sa mga parmasya para magpabakuna dahil sa close proximity at easy access.

It's an extra set of hands in the community pharmacies, that are already busy at this time of year, to help vaccinate our communities, aniya sa CBC Toronto noong Huwebes.

Sinabi ni Crown na ilang taon na siya nagtuturo at ang mga estudyante ay palaging excited na magkaroon ng hands-on approach sa pag-aaral.

It's a really tangible way that they can help out immediately in their pharmacy practice environments, aniya. The pharmacists that are receiving them are excited about it as well. ***RCI***

**Ang Ontarians pinayuhan na magpabakuna ng flu shot.**

# GET OUT OF DEBT
# WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# 22% ng mga Pinoy, nakakaranas pa rin ng 'involuntary hunger'—SWS



**PILIPINAS** - Mas maraming pamilyang Pilipino ang nakaranas ng gutom sa ikatlong kwarter ng 2025, ayon sa survey ng Social Weather Stations (SWS) na inilabas nitong Miyerkules, Nobyembre 5, 2025.

Batay sa resulta ng survey, 22% ng mga pamilyang Pilipino ang nakaranas ng involuntary hunger—o ang pagkagutom at walang makain—sa loob ng ilang beses sa nakalipas na tatlong buwan.

Mas mataas ito ng 5.9 puntos kumpara sa 16.1% na naitala noong Hunyo 2025, na nagsilbing pagputol sa pagbaba ng antas ng gutom na naobserbahan sa mga unang buwan ng taon.

Tumaas ang bilang ng mga nakaranas ng gutom sa lahat ng pangunahing rehiyon. Pinakamataas ang antas sa Metro Manila sa 25.7%, sinundan ng Balance Luzon sa 23.8%, Mindanao sa 19.7%, at Visayas sa 17.7%.

Isinagawa ang Third Quarter 2025 Social Weather Survey mula Setyembre 24 hanggang 30 sa pamamagitan ng face-to-face interviews sa 1,500 Pilipinong edad 18 pataas mula sa iba't ibang panig ng bansa.

- *eBALITA*


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Ipinangako sa budget mangangahulugan na mawawala ang 40K trabaho, mga programa



*Michael Sabia,*
*clerk ng Privy Council*

**Sinabi ng pinuno ng federal public service na ang pangako ng budget na gumastos nang mas kaunti at mamuhunan nang higit pa ay magre-resulta sa pagkawala ng 40,000 na trabaho habang ang mga pro-grama ay babawasan o tatanggalin.**

Inilabas ni Michael Sabia, clerk ng Privy Council, ang pahayag na ito sa isang memo na ipinadala sa mga peder-al na empleyado isang araw pagkatapos ihatid ng gobyerno ni Prime Minister Mark Carney ang kanilang unang budget.

Sinabi sa memo na ang pangako ng gobyerno na tatanggalin ang $60 bily-on sa susunod na limang taon ay isang big number at darating na may kaaki-bat na mga sakripisyo.

That number has real consequences for people who serve their country and for their families. I am not going to try to diminish those conse-quences, aniya. They are real.

Ipinaliwanag ni Sabia na para maabot ang mga target ng gobyer-no ni Carney kailangan bawasan ang ilang pro-grama, ang iba naman magiging limitado ang scope at ang iba ay iba-basura.

In all, the public service will need about 40,000 fewer people, including some reductions already underway, aniya.

Ang mga job cut na iyon ay magaganap lang kung papasa ang federal budget sa Parlamento ngayong buwan.

Sinabi ng clerk na sa oras na magsimula ang cuts, mabilis na gagawin ang mga desisyon upang maiwasan ang pagtagal ng uncertainty at ang mga apektado ng layoffs at mga early retirement ay susuportahan. ***RCI***



# NARARANASAN NA NATIN NGAYON ANG SNOW

**TORONTO** - Oras na para kunin ang toques at scarves, habang ang mga residente ng Greater Toronto Area (GTA) maaaring maranasan ang snow ngayong weekend, ayon sa forecasts ng Environment Canada.

Pini-predict ng national weather agency ang isang wet weekend na may freezing evening temperatures at potensyal na snowfall.

Minarkahan nito ang unang wave ng winter weather para sa timog Ontario, ani Trudy Kidd, isang meteorologist sa Environment Canada.

Do expect a wet one either way, aniya. Whether it's rain



or snow, it's going to be messy, so do expect that.

People in higher terrain will probably see more [snow], and farther from the lake you'll see more snow, aniya.

Kasalukuyang nasa forecast ng national weather agency ang 30 porsyento na tsansa ng ulan o snow Sabado ng gabi na may low na -1 C sa Toronto.

The week ahead I'm seeing temperatures below 9 C every day and our overnight lows are below freezing. So we're certainly staying on the cold side at least for the foreseeable future, ani Kidd.

Ang mga residente ng GTA ay pinapayuhan na bantayan ang anumang special weather alerts, habang nagbabago ang forecasts, ani Kidd.

Sinabi niya na dapat itsek ng mga tao ang weather forecast at mga kondisyon ng kalsada bago magbiyahe palabas ng kanilang lugar.

If you're driving around and doing longer distances, where you leave from and where you're going might have different weather, aniya. ***rcl***

# Bagyong 'Uwan' pamatay ang puwersa

**PILIPINAS**- Sa Proclamation No. 1077, layunin ng deklarasyon na mapadali ang mas mabilis at mas maayos na paghahatid ng humanitarian assistance ng gobyerno at pribadong sektor sa mga lugar na apektado ng bagyo.

Ang isang taong state of national calamity ay nagpapahintulot din sa agarang pagpapatupad ng mandatory remedial measures, tulad ng pagpataw ng price ceiling sa mga pangunahing bilihin; pagbibigay ng walang interes na pautang sa mga pinakaapektadong sektor; at sa problema ng



overpricing, profiteering o pag-iimbak ng mga mahahalagang produkto, gamot at produktong petrolyo.

Nagpapahintulot din ito sa national at local governments na gumamit ng naaangkop na mga pondo para sa rescue, relief, recovery at rehabilitation programs, kabilang ang pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo sa mga displaced na indibidwal at komunidad.

Inutusan din ang lahat ng kinauukulang ahensya na ipatupad ang post-disaster recovery measures upang maibalik ang normal at mapabuti ang mga pasilidad, kabuhayan at kondisyon ng pamumuhay sa mga komunidad na sinalanta ng kalamidad.

*- Ulat ABANTE News*



TalibaFlipzMedia

**Photography Services**

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

## Mark Villar pinakamayamang Senador, Chiz 'pinaka-mahirap?'; Jinggoy, Joel, Zaldy Co iba pa kinasuhan na sa Ombudsman; Me magpa-Pasko na kurakot sa Oblo!

**Narito ang 24 na Senador ng 20th Congress na may pinaka-malaking net worth sa SALN nila: 1. Mark Villar – P1.26B; 2. Raffy Tulfo – P1.05B; 3. Erwin Tulfo – P497M; 4. Juan Miguel "Migz" Zubiri – P431.7M; 5. Camille Villar – P362.07M; 6. Panfilo "Ping" Lacson – P244.94M; 7. Robin Padilla – P244.04M; 8. Jinggoy Estrada – P221. 22M; 9. Lito Lapid – P202.04M; 10. Vicente "Tito" Sotto III – P188.87M; 11. Imee Marcos – P164.99M; 12. JV Ejercito – P137.08M; 13. Pia Cayetano – P128.29M; 14. Alan Peter Cayetano – P109.13M...**

**2 Bilyonario at 'super' milyonario ang Top 14 na lingkod-bayan.**

*********

**At heto ang 10 'mahihirap' na Senador na ibinoto ninyo na di alam ng bayan kung tama isinulat sa kanilang SALN: 15. Win Gatchalian – P89.52Ml; 16. Bam Aquino – P86.55M; 17. Loren Legarda – P79.21M; 18. Rodante Marcoleta – P51.96M; 19. Joel Villanueva – P49.50M; 20. Bong Go – P32.43M; 21. Ronald "Bato" dela Rosa – P32.29M; 22. Francis "Kiko" Pangilinan – P26.73M; 23. Risa Hontiveros – P18.99M; at 24. Francis "Chiz" Escudero – P18.84 milyon...**

**Di ngaaa, pina-ka-purdoy si Chiz na senador?**

**Hambelibabol!!**

**********

Me napanuod akong isang video clip na me suot na relo si Chiz Escudero na ayon sa isang eksperto sa alahas ay nagkaka-halaga umano ng halos P10Milyon. Higit kalahati na yon ng P18.84Milyong net worth ni Chiz sa SALN niya ah!

**Nakngdragon, Bossing RollyCab! Silngaling ba si Chiz?**

**********

Kaya ang daming nangangarap at naga-ambisyon kayat gustong tumakbong Senador sa Pinas tuwing eleksyon kahit na (wala po tayong panlilibak dito) 'ordinaryong' Pinoy, tulad ng isang magsasaka, mangingisda, nagtitinda ng kung anik-anik sa online, ekstra sa TV at pelikula at kung sino-sino na lang sa kalsada, hindi dahil alam nilang di sila mananalo, kung di para masama lang pangalan nila sa balota at, eka nga ay...

**Baka maka-tsamba dahil ka-apelyido isang malakas na kandidato!**

**********

Kung ganire kayayaman mga Senador ng Pinas, eh, taob sila sa ibang mambabatas dahil pami-pamilya kung maghari mga pulitikong ito sa kani-kanilang teritoryo, na kung saan sila naka-upo at nagtitimon at nagpapatakbo ng kanilang bayan at probinsiya...

**Mula Gobernor, Bise-Gob, Bokal, Cong, Mayor, Bise at Konsi ay iisa apelyido. All talaga.**

*********

Kaya nga hindi papasa sa Pinas ang 'Anti-Dynasty Law' dahil sa Kongreso mismo hinaharang na ng maraming Kongesmeyn ang nasabing panukalang para...

**Tuloy-tuloy ang ligaya ng mga 'King Kong' at 'ganid na pamilya!'**

*********

Inirekomenda ng Independent Commission for Infrastructure (ICI) sa Ombudsman ang pagsasampa ng mga reklamong plunder, bribery, at corruption laban kina Senador Joel Villanueva at Jinggoy Estrada, mga dating kongresista na sina Zaldy Co at Mitch Cajayon, at Commission on Audit (COA) Commissioner Mario Lipana, at iba pa.

**Sasabit dito sina Jinggoy, Joel at mga katropang kumita. Pramis. No joke si PBBM.**

*********

Hindi na nagulat si Senador Erwin Tulfo sa inihaing quo warranto petition ni Berteni Cataluna Causing sa Senate Electoral Tribunal (SET) dahil ito rin daw ang naghain ng disqualification case sa kanya nuong bago mag-eleksyon pa na naibasura na.

**Haharapin daw niya kaso. Opkors, no choice si Erwin Tulfo.**

*********

Kaibigan ko at dating katoto sa sportswriting frat sa Pinas si Engr. cum Lawyer

na si Bertini 'Toto' Causing wayback late 80s to late 90s at nabanggit niya sakin nuong mag-file siya ng COC niya nuong May 2025 election para tumakbong Senador nga, ay American citizen pa si Erwin Tulfo dahil gumamit pa raw ito ng US passport bago tumakbo ngang Senador under PBBM Team.

**Kung magkano, err, paano umano nakalusot sa COMELEC citizenship isyu ni Tulfo, eh, walang makasagot.**

********

Ayon pa kay Tulfo, paulit-ulit na umano na naghain ng DQ case laban sa kanya ang na-disbarred na abogadong si Causing at lahat naman daw ng ito ay naibasura na. Isa lang ibig sabihin nuon, Sen. Erwin...

**Palaban si Pre Toto sa laban kontra Sen. Tulfo. Abangan natin.**

********

Sisibakin naman ng umano ng Comelec itong si nanalong Tarlac City Mayor Susan Yap-Sulit dahil may isyu sa 'residency' sapagkat lumabas sa imbestigasyon ng mga tauhan ni Chair George Garcia na ...

**Kulang sa 1-year residency requirement si Yorme Yap-Sulit.**

********

Di lang yon, mga ka-tropang seniors, napag-alaman at nakita mismo ng mga nag-imbestiga na isang bodega lang pala ang idineklarang tirahan ni Yorme Susan sa lunsod.

**'Nakngdragon Abay Oiram Adurc, iskwater Yorme nyo? hehehe.**

********

Si Susan Yap-Sulit ay anak ni dating Gov. Jose "Aping" Yap Sr., at nagsilbi rin siya mismo gobernadora ng Tarlac nang tatlong termino (2016–2025) bago tumakbo sa pagka-alkalde nitong nakarang Mayo, kayat...

**Madaling nanalo dahil sa bigat ng apelyido Yap sa Tarlac.**

********

Kung walang Temporary Restraining Order (TRO) naipagkaloob ang Korte Suprema para harangin ang desisyon, tuluyang mawawala sa pwesto si Susan Yap-Sulit at posibleng pag-upo ni Vice Mayor KT Angeles bilang bagong Alkalde ng kanilang lungsod. Ang tanong...

**Makikialam ba at me pwersa pa ba Cojuangco sa Tarlac politics?**





********

Pinawalang-sala ng Sandigangbayan si Chief Presidential Legal Counsel Juan Ponce Enrile sa natitira niyang graft charges kaugnay ng P172.8 milyong public funds na nauugnay sa pork barrel scam kasama sina Janet Lim Napoles at ang dating chief of staff ni Enrile na si Jessica Lucila "Gigi" Reyes. Well, kasama ni Lolo Johnny sa PDAF scam na...

**Acquited sina Sen. Jinggoy Estrada at dating Sen. Bong Revilla.**

********

Hindi bibigyan ni DLIG Sec. Jonvic Remulla ng 'hospital arrest' ang mga tiwaling opisyal ng DPWH, contractors na sabit sa 'flood control scam' na ikakalaboso sa bagong ¬Quezon City Jail sa Payatas, Quezon City.

**Kumpleto 'medical personnel at needs' ang ikukulong sa QC jail.**

********

Ayon kay Remulla ang nasabing kulungan ay may kapasidad na 200 hanggang 1,000 inmates at ang naturang jail facility ay malapit sa Sandiganbayan at ayon sa Kalihim ay nakatugon ito sa kapasidad na itinatakda ng korte. Panigurado na raw na...

**Mapupuno ng 'kurakot ng flood control scam' ang oblo sa Pasko.**

********

Kinasuhan ng DPWH sa Office of the Ombudsman ang 22 opisyal at kontratista dahil sa umano'y mga maanomalyang proyekto sa La Union at Davao Occidental at kasama rito ilang District Engineers, Asst. DE, at St. Timothy Construction Corp., na kinatawan ni Ma. Roma Angeline Rimando, authorized managing officer, o si Cezarah Rowena "Sarah" Discaya.

**Di yata makakasama ni Ate Sara hubby nya na si Curlee Disacaya sa oblo? O' susunod si Kuya sa oblo?**

********

Maaari ng ipaaresto ng ICC si Senador Bato dela Rosa kapag hiniling ito ng prosekusyon habang hinihintay ang resulta ng pagsusuri sa kalusugan ni DD30 ayon kay ICC-accredited Assistant to Counsel Kristina Conti nitong Lunes.


**Malapit ng magsama sa Oblo sa The Hague sina DU30 at Bato.**

********

Pero aminado si Conti na hindi magiging madali ang pag-aresto kay Dela Rosa dahil isa itong incumbent senator at posibleng magdalawang-isip ang mga opisyal ng PNP, NBI at iba pang law enforcement agencies sa pag-aresto sa senador. At tsaka di ba sinabi ni Bato na...

**Magkakanlong siya sa Senado pag dadamputin ng ICC? Ang tapang yata ni Bato, hane Po? hehehe.**





## JOKES OnLEE

*Ang LALAKE* kapag nahuhuli sa kalokohan..**MAGAPAPALUSOT MUNA**, ***tapos sumusuyo kaagad! Pero ang BABAE*** kapag nahuli sa kalokohan, **NagGAG-ALIT-GALITAN muna** ***tapos mambabaligtad!***

---

**HINDI AKO TAMAD . . . SADYANG MASIPAG LANG AKONG MAGPAHINGA!**

---

**ANAK**: Tatay, ang daming lamok
**TATAY**: PATAYIN MO ANG ILAW PARA HINDI TAYO MAKITA!
*(pagkapatay ng ilaw LUMITAW ANG MGA ALITAPTAP)*
**ANAK**: ***TATAY . . . BUMALIK SILA MAY DALANG FLASHLIGHT!***

---

Masama magtanim ng galita sa kapwa. **Pero mas masamang magtanim ng BATA sa di mo siyota!**

---

**Instead of a SIGN that says: "DO NOT DISTURB" I need one that says " ALREADY DISTURB PROCEED WITH CAUTION"**

---

**A gang decided to rob a bank…they opened every vault and found only cups of yogurt. So they ate it all…**

***Next day, in CNN news:***

"**BIGGEST SPERM BANK ROBBED**!"

---

Use chocolate in a sentence...
**CHOCO NA LATE AKO....**

---

Roses are red, skies are blue, Monkeys like you, should be kept in zoo. **Don't get angry...** ***you'll find me their too***...**Not in the cage, but laughing at you.**

---

**Teacher**: Arnold, what do you call a person who keeps on talking even when people are no longer interested??
**Arnold**: ***A teacher!!!***

---

How does Moses make his coffee? **Hebrews it.**

---

How many apples grow on a tree? **All of them**!

---

Why couldn't the bicycle stand up by itself? ***It was two tired!***

# Pilipinas isang taon state of calamity

**Idineklara ni Pangulong Bongbong Marcos ang state of national calamity sa loob ng isang taon para mapabilis ang rescue, relief, recovery at rehabilitation efforts kasunod ng malawakang pinsalang dulot ng Bagyong Tino.**

Sa Proclamation No. 1077, layunin ng deklarasyon na mapadali ang mas mabilis at mas maayos na paghahatid ng humanitarian assistance ng gobyerno at pribadong sektor sa mga lugar na apektado ng bagyo.

Ang isang taong state of national calamity ay nagpapahintulot din sa agarang pagpapatupad ng mandatory remedial measures, tulad ng pagpataw ng price ceiling sa mga pangunahing bilihin; pagbibigay ng walang interes na pautang sa mga pinakaapektadong sektor; at sa problema ng overpricing, profiteering o pag-iimbak ng mga mahahalagang produkto, gamot at produktong petrolyo.

Nagpapahintulot din ito sa national at local governments na gumamit ng naaangkop na mga pondo para sa rescue, relief, recovery at rehabilitation programs, kabilang ang pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo sa mga displaced na indibidwal at komunidad.

Inutusan din ang lahat ng kinauukulang ahensya na ipatupad ang post-disaster recovery measures upang maibalik ang normal at mapabuti ang mga pasilidad, kabuhayan at kondisyon ng pamumuhay sa mga komunidad na sinalanta ng kalamidad.

*- Ulat ABANTE News*







TalibaFlipzMedia

**Photography Services**

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo




**Photo Specifications**

- High resolution Jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com



## JOKES OnLEE

*A husband coming home from a confession, suddenly he lifted his wife and carried her.*

**Wife:** *Why did the priest tell you to be romantic like this?*

**Husband: No, he told me to carry my cross!**

---

Wonder girls may say,

**"I want nobody, nobody but you.."**

Then, the boys will reply,

**"I want your body, your body not YOU!!!"**

---

True bravery is to arrive home.. fully drunk from late night out and mom waiting with a broom in hand, then you asked:

**"Hey mom, still cleaning?"**

---

*Do you know the last thing my grandfather said to me before he kicked the bucket?*

**"Grandson, watch how far I can kick this bucket."**

---

What's the difference between a poorly dressed man on a tricycle and a well-dressed man on a bicycle? ***Attire!***

---

**Why did the kid throw his clock out the window?**

***Because he wanted to see time fly.***

---

**Which bird has the worst manners?** ***Mocking birds.***

---

**What do you get from a pampered cow?**

***Spoiled milk.***

---

**I can't take my dog to the park because the ducks keep trying to bite him.**

***I guess that's what I get for buying a pure bread dog.***

---

**What did the big flower say to the little flower?**

***Hi, bud!***

---

**How does NASA organize a party?**

***They planet.***

# COVID-19 vaccine campaigns inilunsad sa Canada para sa 2025-26



Sinimulang i-roll out ng mga probinsya at teritoryo ang updated na mga bakuna upang protektahan ang mga tao mula sa COVID-19.

Ayon sa immunization guide ng Public Health Agency of Canada ang mga COVID na bakuna ay nakitang epektibo sa pag-iwas sa malubhang karamdaman, kasama ang pagkakaospital at kamatayan at maaaring bawasan ang risk ng post-COVID-19 condition, o long COVID.

Ang vaccination campaign dumating habang ang mga kaso ng COVID-19 kung saan ang mga tao ay pumupunta sa emergency o urgent care para sa respiratory symptoms ay tumaas. Humigit-kumulang 10 porsyento ng tests ay positibo para sa linggo na natapos noong Setyembre 20, tumaas mula 9.6 porsyento noong linggo bago iyon, ayon sa federal respiratory virus snapshot.

### Ano ang mga bakuna na available?

Ngayong taglagas, binigyan ng awtorisasyon ng Health Canada ang pinakabagong mRNA vaccines. Ang Moderna ay available para sa anim na buwang gulang pataas at ang Pfizer-BioNTech ay available para sa limang taong gulang pataas. Kinokonsidera ng infectious disease physicians ang parehong bakuna na pantay.

### Ano ang inirerekomenda ng vaccine advisers sa Canada?

Lahat ng matanda 65 pataas ay inirerekomenda na magpabakuna laban sa COVID-19, nabakunahan man sila dati o hindi, ayon sa National Advisory Committee on Immunization dahil sa kanilang increased risk.

Inirerekomenda rin ang bakuna para sa anim na buwan ang edad pataas na:

- Mga residente ng long-term care homes at iba pang group settings.
- Namumuhay na may underlying medical conditions na inilalagay sila sa mas mataas na panganib na magkaroon ng malalang COVID-19.
- Buntis.
- Mga indibidwal na nasa o mula sa First Nations, Inuit at Métis communities.
- Mga health-care worker at ibang care providers sa mga pasilidad at community settings.
- Mga miyembro ng racialized at ibang equity-denied communities.

Lahat ng tao anim na buwan ang edad pataas ay maaaring magpabakuna ng

ads@ TALIBA
it works!
www.talibaNews.com
Call 416-989-7336
Email: advertise@flipzmedia.com

updated COVID shot kung nais nila, kahit ang mga taong ito ay hindi naman high risk, ayon sa national advisory group.

**Kailan dapat magpabakuna?**

Ang Ontario sinimulan nang gawing available ang COVID na bakuna sa mga prayoridad na grupo tulad ng mga residente ng long-term care homes at ang ibang probinsya at teritoryo ito rin ang gagawin sa mga darating na linggo.

**Ano ang mag-iiba ngayong taon?**

Ang pinakahuling bakuna kasama ang LP.8.1, isang offshoot ng shape-shifting Omicron variant.

Ang updated vaccine works against the current strains that are circulating, ani Dr. Donald Vinh, isang infectious diseases specialist sa McGill University Health Centre.

If you receive this updated LP8.1 dose, you actually will get [a] nice fourfold increase in the antibody levels compared to if you didn't get this vaccine.

Tinawag ni Vinh ang latest formulation ng mga bakuna bilang important buffer laban sa potensyal na pagkakaospital at kahit kamatayan habang ang mga bagong strain ay umiikot at ang immunity mula sa dating impeksyon at mga bakuna ay humihina.

**Magkano naman ito?**

Para sa karamihan ng Canadians, ang COVID na bakuna ay libre.


*May dalawang exceptions. Ang Alberta (bagong window) maniningil ng $100, at ang Quebec (bagong window) $150 hanggang $180, para sa mga tao sa labas ng tinatawag ng mga probinsya na high-risk groups.* - RCI

# Kapag may sinasabi (si Jehova), hindi ba gagawin niya iyon?

— Bil. 23:19.



**Mapapatibay natin ang pananampalataya natin kung pag-iisipan natin ang pantubos.** Tinitiyak sa atin ng pantubos na matutupad ang mga pangako ng Diyos. Kung pag-iisipan natin kung bakit ito inilaan at kung gaano kalaki ang isinakripisyo ni Jehova, titibay ang pananampalataya natin na tutuparin ng Diyos ang pangako niya na buhay na walang hanggan. Bakit natin nasabi iyan? Gaano ba kalaki ang isinakripisyo ni Jehova para mailaan ang pantubos? Mula sa langit, isinugo ni Jehova sa lupa ang panganay at pinakamamahal niyang Anak. Noong nasa lupa si Jesus, marami siyang tiniis na problema at pagsubok. Nagdusa rin siya bago mamatay. Talagang napakalaki ng isinakripisyo ni Jehova! Hahayaan ba ng ating mapagmahal na Diyos na magdusa at mamatay ang Anak niya kung maikling buhay lang naman ang ibibigay niya sa atin? Siyempre, hindi! (Juan 3:16; 1 Ped. 1:18, 19) Kaya sisiguraduhin ni Jehova na matutupad ang pangako niyang mabubuhay tayo magpakailanman sa bagong sanlibutan. ***-JW.org***




# NAKITANG NATUTUPAD



## "Nakita" Nila ang mga Bagay na Ipinangako

MAY kakayahan tayong ilarawan sa isipan ang mga bagay na hindi natin nakikita, at iyan ay isang regalo mula sa Diyos. Dahil sa kakayahang iyan, nakapagpaplano tayo nang maayos at nananabik sa magagandang bagay na darating. Alam ni Jehova ang mangyayari sa hinaharap, at sinasabi niya sa atin ang ilan sa mga ito sa Bibliya. Maaari nating mailarawan ang mga ito sa ating isipan. Sa katunayan, ang kakayahan nating "makita" ang mga bagay na di-nakikita ay tumutulong sa atin na manampalataya.—2 Cor. 4:18.

Kung minsan, ang mga inilalarawan natin sa isipan ay hindi nakabatay sa realidad. Halimbawa, baka iniisip ng isang bata na nakasakay siya sa isang paruparo. Imposibleng mangyari iyan. Pero si Hana, na ina ni Samuel, ay gumamit ng kaniyang imahinasyon sa ibang paraan. Lagi niyang iniisip ang araw kung kailan dadalhin niya sa tabernakulo si Samuel para maglingkod doon. Ang iniisip niyang ito ay nakabatay sa ipinasiya niyang gawin at nakatulong para matupad niya ang kaniyang pangako kay Jehova. (1 Sam. 1:22) Kapag ang inilalarawan natin sa ating isipan ay mga pangako ng Diyos, mga bagay na tiyak na matutupad ang iniisip natin.—2 Ped. 1:19-21.

Tiyak na inilarawan ng maraming lingkod noon ng Diyos sa kanilang isipan ang mga pangako niya. Paano iyon nakatulong sa kanila? Paano tayo makikinabang kung bubulay-bulayin natin ang magagandang bagay na ipinangako ng Diyos sa masunuring mga tao?

### "NAKITA" NILA ANG HINAHARAP AT TUMIBAY ANG PANANAMPALATAYA NILA

Si Abel ang unang taong nanampalataya sa mga pangako ni Jehova. Alam niya ang sinabi ni Jehova sa serpiyente matapos magkasala sina Adan at Eva: "Maglalagay ako ng alitan sa pagitan mo at ng babae at sa pagitan ng iyong binhi at ng kaniyang binhi. Siya ang susugat sa iyo sa ulo at ikaw ang susugat sa kaniya sa sakong." (Gen. 3:14, 15) Hindi alam ni Abel kung paano ito

eksaktong matutupad. Pero malamang na pinag-isipan niyang mabuti ang pangakong ito at naunawaang kailangang may 'sugatan sa sakong' para maibalik sa kasakdalan ang mga tao. Anuman ang nakini-kinita ni Abel tungkol sa hinaharap, nanampalataya siya batay sa pangako ng Diyos. Kaya naman nang maghain siya, tinanggap ito ni Jehova.—Basahin ang Genesis 4:3-5; Hebreo 11:4.

Ang tapat na si Enoc ay nanampalataya rin sa Diyos. Namuhay siya sa gitna ng di-makadiyos na mga taong nagsasalita ng nakapangingilabot na mga bagay laban sa Diyos. Kinasihan siyang ihula na si Jehova ay darating "kasama ang kaniyang laksa-laksang banal, upang maglapat ng hatol laban sa lahat, at upang hatulan ang lahat ng di-makadiyos may kinalaman sa lahat ng kanilang di-makadiyos na mga gawa na kanilang ginawa sa di-makadiyos na paraan, at may kinalaman sa lahat ng nakapangingilabot na mga bagay na sinalita ng di-makadiyos na mga makasalanan laban sa kaniya." (Jud. 14, 15) Bilang isa na nanampalataya, maaaring inilarawan ni Enoc sa kaniyang isipan ang mangyayari kapag wala nang di-makadiyos na mga tao sa daigdig.—Basahin ang Hebreo 11:5, 6.

Nakaligtas si Noe sa Delubyo dahil sa pananampalataya niya. (Heb. 11:7) Pagkatapos, dahil sa pananampalataya, naghandog siya ng mga hayop. (Gen. 8:20) Gaya ni Abel, tiyak na nanampalataya rin siya na darating ang panahon na ang mga tao ay mapalalaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan at kamatayan. Pagkatapos ng Baha, patuloy na nanampalataya at umasa si Noe kahit noong muling sumamâ ang daigdig at sinalansang ni Nimrod si Jehova. (Gen. 10:8-12) Malamang na binulay-bulay ni Noe ang panahon kung kailan ang mga tao ay mapalalaya mula sa mapaniil na tagapamahala, minanang kasalanan, at kamatayan. Puwede rin nating "makita" ang napakagandang panahong iyon, na napakalapit na!—Roma 6:23.

## "NAKITA" NILANG NATUPAD ANG MGA PANGAKO

Isang napakagandang kinabukasan ang maaaring nakini-kinita nina Abraham, Isaac, at Jacob. Ipinangako ng Diyos na sa pamamagitan ng kanilang binhi, ang lahat ng bansa sa lupa ay magkakamit ng pagpapala. (Gen. 22:18; 26:4; 28:14) Ang mga inapo ng mga patriyarkang iyon ay darami at maninirahan sa Lupang Pangako na ibibigay ng Diyos. (Gen. 15:5-7) Sa pamamagitan ng pananampalataya, "nakita" nina Abraham, Isaac, at Jacob na naninirahan na sa lupaing iyon ang kanilang mga supling. Ang totoo, mula pa noong maiwala ng tao ang kasakdalan, tiniyak na ni Jehova sa kaniyang tapat na mga lingkod na maisasauli ang mga pagpapalang naiwala ni Adan.

Malamang na dahil nailarawan ni Abraham sa kaniyang isipan ang ipinangako ng Diyos kaya nakagawa siya ng kamangha-manghang mga bagay na nagpapakita ng pananampalataya. Tungkol kay Abraham at sa iba pang tapat na lingkod ng Diyos, sinasabi ng Kasulatan na kahit "hindi nila nakamtan ang katuparan ng mga pangako" noong buhay pa sila, "nakita nila ang mga iyon mula sa malayo at malugod na inasahan ang mga iyon." (Basahin ang Hebreo 11:8-13.) Alam ni Abraham na laging tinutupad ni Jehova ang kaniyang mga ipinangako, kaya nakatitiyak siya na matutupad ang lahat ng pangako ni Jehova para sa hinaharap.

Dahil nanampalataya si Abraham sa mga pangako ng Diyos, lalo siyang naging determinado na gawin ang kalooban ng Diyos. Iniwan niya ang lunsod ng Ur at hindi siya nanirahan nang permanente sa alinmang lunsod ng Canaan. Tulad ng Ur, hindi matibay ang pundasyon ng mga lunsod na iyon dahil sa di-makadiyos na mga tagapamahala. (Jos. 24:2) Buong-buhay na hinintay ni Abraham "ang lunsod na may tunay na mga pundasyon, na ang tagapagtayo at maygawa ng lunsod na ito ay ang Diyos." (Heb. 11:10) "Nakita" ni Abraham na naninirahan na siya sa isang permanenteng lugar na pinamamahalaan ni Jehova. Sina Abel, Enoc, Noe, Abraham, at iba pa ay naniwala sa pagkabuhay-muli ng mga patay at nanabik na mabuhay sa isang daigdig sa ilalim ng Kaharian ng Diyos, "ang lunsod na may tunay na mga pundasyon." Ang pagbubulay-bulay sa gayong mga pagpapala ay nagpalakas ng kanilang pananampalataya kay Jehova.—Basahin ang Hebreo 11:15, 16.

Isaalang-alang natin ang asawa ni Abraham na si Sara. Sa edad na 90, wala pa rin siyang anak. Pero dahil sa positibong pananaw niya sa hinaharap, naipakita niya ang kaniyang pananampalataya. Maaaring nakini-kinita niyang tinatamasa ng kaniyang mga supling ang mga pagpapalang ipinangako ni Jehova. (Heb. 11:11, 12) Bakit gayon na lang siya kasigurado? Dahil sinabi ni Jehova sa kaniyang asawa: "Pagpapalain ko siya at bibigyan din kita ng isang anak na lalaki mula sa kaniya; at pagpapalain ko siya at siya ay magiging mga bansa; mga hari ng mga bayan ang magmumula sa kaniya." (Gen. 17:16) Nang isilang ni Sara si Isaac, lalo siyang naging kumbinsido na matutupad ang iba pang pangako ni Jehova kay Abraham. Mapatitibay rin natin ang ating pananampalataya kapag inilalarawan natin sa ating isipan ang mga pangako ni Jehova na siguradong matutupad!

## TUMINGING MABUTI SA GANTIMPALA

Si Moises ay nanampalataya rin kay Jehova. Malalim ang naging pag-ibig niya sa Diyos. Dahil lumaki sa Ehipto bilang prinsipe, puwede sanang inibig niya ang kapangyarihan at kayamanan. Pero maliwanag na mula sa kaniyang tunay na mga magulang, nakilala ni Moises si Jehova. Nalaman niya na layunin ni Jehova na palayain ang mga Hebreo sa pagkaalipin at ibigay sa kanila ang Lupang Pangako. (Gen. 13:14, 15; Ex. 2:5-10) Kung laging iniisip noon ni Moises ang mga pangako ng Diyos, ano sa tingin mo ang lalago sa puso niya—pag-ibig sa katanyagan o pag-ibig kay Jehova?

Sinasabi ng Bibliya: "Sa pananampalataya si Moises, nang malaki na, ay tumanggi na tawaging anak ng anak na babae ni Paraon, na pinili pang mapagmalupitan kasama ng bayan ng Diyos kaysa sa magtamo ng pansamantalang kasiyahan sa kasalanan, sapagkat itinuring niya ang kadustaan ni Kristo bilang kayamanan na nakahihigit kaysa sa mga kayamanan ng Ehipto; sapagkat tumingin siyang mabuti sa gantimpalang kabayaran."—Heb. 11:24-26.

Habang binubulay-bulay ni Moises ang pangako ni Jehova para sa mga Israelita, lumalago ang pananampalataya at pag-ibig niya sa Diyos. Tulad ng iba pang lingkod ng Diyos, malamang na naunawaan niyang palalayain ni Jehova




ang lahat ng tao mula sa kamatayan. (Job 14:14, 15; Heb. 11:17-19) Kaya naman lalong inibig ni Moises ang Diyos. Pananampalataya at pag-ibig ang nagpakilos sa kaniya na paglingkuran habambuhay si Jehova. (Deut. 6:4, 5) Kahit noong pagbantaan ni Paraon ang buhay ni Moises, ang pananampalataya at pag-ibig niya sa Diyos, at ang malamang na nakini-kinita niyang magandang kinabukasan ang nagpalakas ng loob niya.—Ex. 10:28, 29.

## ILARAWAN SA ISIPAN ANG MGA GAGAWIN NG KAHARIAN

Marami sa ngayon ang nag-iisip o nangangarap ng mga bagay na di-makatotohanan. Halimbawa, nangangarap ang ilang mahihirap na sana'y yumaman sila at mawala ang lahat ng kanilang problema. Pero sinasabi ng Bibliya na ang buhay ng tao ay punô ng "kabagabagan at nakasasakit na mga bagay." (Awit 90:10) Iniisip ng iba na malulutas ng gobyerno ng tao ang mga problema sa daigdig, samantalang sinasabi ng Bibliya na ang Kaharian ng Diyos lang ang makagagawa nito. (Dan. 2:44) Para sa marami, hindi pupuksain ng Diyos ang masamang sistemang ito, pero hindi ganiyan ang sinasabi ng Bibliya. (Zef. 1:18; 1 Juan 2:15-17) Ang mga inaasahang ito ng mga taong hindi nagbibigay-pansin sa layunin ni Jehova para sa hinaharap ay mananatiling pangarap lang.

Sa kabilang dako naman, pinasisigla tayong mga Kristiyano na ilarawan sa isipan ang ating pag-asa, sa langit man ito o sa lupa. Nakikita mo bang tinatamasa mo ang mga pangako ng Diyos? Kapag binubulay-bulay mo ang mga puwede mong gawin habang tinutupad ng Diyos ang kaniyang mga pangako, tiyak na sasaya ka. Baka "nakikita" mong nabubuhay ka na nang walang hanggan at nakikipagtulungan sa iba para gawing paraiso ang buong lupa. Ang lahat ng tao sa paligid mo ay umiibig din kay Jehova. Malusog ka, masigla, at walang kaproble-problema. Masayang-masaya ka dahil ang mga nangangasiwa sa gawaing pagsasauli ay tunay na nagmamalasakit sa iyo. Nagagamit mo rin ang iyong talento at kakayahan para sa kapakanan ng iba at sa kapurihan ng Diyos. Baka tinutulungan mo ang mga binuhay-muli na makilala si Jehova. (Juan 17:3; Gawa 24:15) Hindi iyan pangarap lang. Lahat ng iyan ay nakabatay sa katotohanang sinasabi ng Bibliya tungkol sa hinaharap.—Isa. 11:9; 25:8; 33:24; 35:5-7; 65:22.

## BAKIT DAPAT NATING IPAKIPAG-USAP ANG ATING PAG-ASA?

Kapag ipinakikipag-usap natin sa ating mga kapatid ang mga gusto nating gawin habang tinutupad ni Jehova ang kaniyang mga pangako, mas tumitingkad sa ating isipan ang larawan ng magandang hinaharap. Hindi natin alam kung ano ang magiging kalagayan ng bawat isa sa atin sa bagong sanlibutan. Pero kapag pinag-uusapan natin ang mga puwedeng mangyari, napatitibay natin ang isa't isa at naipapahayag ang ating pananampalataya sa katuparan ng pangako ng Diyos. Nang dalawin ni apostol Pablo ang kaniyang mga kapananampalataya sa Roma, tiyak na napahalagahan nila nang husto ang "pagpapalitan ng pampatibay-loob," at ganiyan din tayo sa mahirap na panahong ito.—Roma 1:11, 12.



Kapag iniisip natin ang kinabukasang ipinangako ni Jehova, natutulungan tayo nito na huwag masyadong mag-alala sa kasalukuyang mga problema. Maaaring nag-aalala noon si apostol Pedro nang sabihin niya kay Jesus: "Narito! Iniwan na namin ang lahat ng mga bagay at sumunod sa iyo; ano nga ba talaga ang mayroon para sa amin?" Para matulungan si Pedro at ang iba pang alagad na mailarawan sa isipan ang hinaharap, sinabi ni Jesus: "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, sa muling-paglalang, kapag ang Anak ng tao ay umupo sa kaniyang maluwalhating trono, kayo na sumunod sa akin ay uupo rin mismo sa labindalawang trono, na hahatol sa labindalawang tribo ng Israel. At ang bawat isa na nag-iwan ng mga bahay o mga kapatid na lalaki o mga kapatid na babae o ama o ina o mga anak o mga lupain alang-alang sa aking pangalan ay tatanggap ng lalong marami pa at magmamana ng buhay na walang hanggan." (Mat. 19:27-29) Sa tulong nito, mabubulay-bulay ni Pedro at ng iba pang alagad ang magiging papel nila sa gobyernong mamamahala sa lupa at magdadala ng saganang pagpapala sa masunuring mga tao.

Nakatutulong sa mga lingkod ni Jehova ang pagbubulay-bulay sa katuparan ng mga pangako niya. May sapat na kaalaman si Abel tungkol sa mga layunin ng Diyos kaya nakini-kinita niya ang isang magandang hinaharap, nanampalataya siya, at naniwala sa isang tunay na pag-asa. Naging matibay ang pananampalataya ni Abraham dahil "nakita" niya ang tungkol sa katuparan ng hula ng Diyos may kinalaman sa ipinangakong "binhi." (Gen. 3:15) Si Moises ay 'tuminging mabuti sa gantimpalang kabayaran,' kaya naman kumilos siya nang may pananampalataya at lumago ang pag-ibig niya kay Jehova. (Heb. 11:26)

Kapag ginagamit natin ang ating kakayahang ilarawan sa isipan ang katuparan ng mga pangako ni Jehova, lalago rin ang ating pananampalataya at pag-ibig sa Diyos. Sa susunod na artikulo, tatalakayin kung paano pa natin magagamit ang kakayahang iyan.

## Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawa ng gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **JW.org** Basahin ang "***Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?***"









P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

**TALIBA/Flipz Media**

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT* ***www.talibaflipzmedia.com*** *or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***